



Mga Kahulugan ng Mga Nangungunang Tuntunin sa Insurance ng Pangkalusugan

# Gabay ng Gumagamit sa Mga Pangunahing Tuntunin



GABAY NG GUMAGAMIT SA MGA PANGUNAHING TUNTUNIN


**Deductible**

## ANO ANG DEDUCTIBLE?

Ang iyong deductible ay ang halagang dapat mong gastusin sa pangangalaga bago simulan ng iyong planong pangkalusugan na ibahagi ang gastos. Ang iyong deductible na halaga ay magsisimula muli sa simula ng bawat taon.

## PAANO ITO GUMAGANA

May \$2,000 na deductible si Marcus. Siya ay nananatili sa ospital na nagkakahalaga ng \$10,000. Dapat bayaran ni Marcus ang kanyang deductible bago bayaran ng kanyang planong pangkalusugan ang alinman sa mga gastos. *(Ang mga deductible at iba pang gastos ay nag-iiba ayon sa planong pangkalusugan.)*



GABAY NG GUMAGAMIT SA MGA PANGUNAHING TUNTUNIN

# Plan Formulary

## ANO ANG PLAN FORMULARY?

Ang plan formulary ay ang listahan ng mga gamot na saklaw ng iyong planong pangkalusugan. Babayaran ng iyong planong pangkalusugan ang lahat o bahagi ng mga gastos para sa mga gamot na ito.

## PAANO ITO GUMAGANA

Pumunta si George sa tindahan ng gamot upang punan ang isang bagong reseta. Inutusan ni George ang parmasyutiko na suriin ang listahan ng plan formulary. Ang kanyang planong pangkalusugan ang magbabayad para sa gamot. Binabayaran lamang ni George ang kanyang \$20 na co-pay. Ang kanyang plano ay ang nagbabayad ng natitira. *(Ang halaga ng co-pay ay nag-iiba ayon sa planong pangkalusugan)*



**\$20**

bawat reseta

GABAY NG GUMAGAMIT SA MGA PANGUNAHING TUNTUNIN

# Tagapagbigay ng Pangunahing Pangangalaga

## ANO ANG ISANG PANGUNAHING PAGKAKALOOB NG PANGANGALAGA?

Ang pangunahing tagapagbigay ng pangangalaga ay ang pangunahing doktor o nars na binibisita mo bilang bahagi ng iyong planong pangkalusugan. Ang iyong pangunahing tagapagbigay ng pangangalaga ay namamahala sa iyong pangangalagang pangkalusugan. Maaari silang makipagtulungan sa mga espesyalista upang mapanatili kang malusog.

## PAANO ITO GUMAGANA

Dati, nagpunta si Roger sa Emergency Room kapag nasusuka siya. Ngayon, mayroon na siyang planong pangkalusugan na nagpapahintulot sa kanya na pumili ng pangunahing tagapagbigay ng pangangalaga. Siya ay bumibisita sa kanyang pangunahing tagapagbigay ng pangangalaga kapag siya ay may sakit, at maaari nilang gamutin ang kanyang mga sintomas. Kung kailangan ni Roger ng espesyal na pangangalaga, ikokonekta siya ng kanyang pangunahing tagapagbigay ng pangangalaga sa isang espesyalista.



Bisitahin ang iyong provider ng pangunahing pangangalaga para sa mga pagsusuri, hindi agarang pangangalaga at virtual na pangangalaga.

GABAY NG GUMAGAMIT SA MGA PANGUNAHING TUNTUNIN

# Mga Premium na Kredito sa Buwis



# MGA PREMIUM NA KREDITO SA BUWIS

## ANO ANG MGA PREMIUM TAX CREDITS?

Ang mga kredito sa buwis ay nagpapababa sa halagang babayaran mo para sa iyong planong pangkalusugan bawat buwan. Ang halaga ng mga kredito sa buwis na makukuha mo ay depende sa iyong kita.

Bisitahin ang [wahealthplanfinder.org](http://wahealthplanfinder.org) o tumawag sa 1-855-923-4633 para sa higit pang impormasyon

## PAANO ITO GUMAGANA

Si Marcela ay isang matanda na walang asawa at walang planong pangkalusugan. Ang kanyang taunang kita ay \$25,000. Nakakakuha siya ng mga kredito sa buwis dahil sa antas ng kanyang kita. Maaaring gamitin ni Marcela ang mga kredito sa buwis na ito para mapababa ang kanyang mga buwanang pagbabayad. *(Ang mga aktwal na numero ay nag-iiba.)*



Premium na gastos

—



Mga premium na kredito sa buwis

=



Mas mababang buwanang pagbabayad

GABAY NG GUMAGAMIT SA MGA PANGUNAHING TUNTUNIN

# Co-Insurance

## ANO ANG CO-INSURANCE?

Ang co-insurance ay ang iyong bahagi sa halaga ng isang saklaw na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Magsisimula kang magbayad ng co-insurance pagkatapos mong mabayaran ang deductible ng iyong planong pangkalusugan. Ang co-insurance ay isa lamang sa mga paraan na ibabahagi mo ang halaga ng iyong pangangalagang pangkalusugan sa iyong planong pangkalusugan.

## PAANO ITO GUMAGANA

Nabayaran na ni James ang kanyang deductible. Sinisingil siya ng \$500 para sa pagbisita sa doktor. Nagbabayad si James ng 20% ng bayarin, o \$100. Babayaran ng kanyang planong pangkalusugan ang natitira. *(Ang halaga ng co-insurance ay nag-iiba ayon sa planong pangkalusugan.)*



$$\begin{array}{r} 20\% \text{ co-insurance} \\ \times \$500 \text{ kabuuang bayarin} \\ \hline \$100 \text{ ang utang ni James} \end{array}$$

GABAY NG GUMAGAMIT SA MGA PANGUNAHING TUNTUNIN

**Premium**

## ANO ANG ISANG PREMIUM?

Ang iyong premium ay ang halagang binabayaran mo bawat buwan para sa iyong planong pangkalusugan. Dapat mong bayaran ang iyong premium kahit na wala kang natatanggap na anumang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Makipag-ugnayan sa iyong insurance carrier para sa anumang mga katanungan sa pagbabayad.

## PAANO ITO GUMAGANA

Binabayaran ni Jean ang kanyang premium na planong pangkalusugan bawat buwan, katulad ng kanyang bayarin sa telepono. Pina-mail ni Jean ang kanyang pagbabayad nang ilang araw nang maaga o nagbabayad online upang matiyak na nasa oras ang kanyang mga pagbabayad.



Maglaan ng oras para mai-post ang mga pagbabayad sa pamamagitan ng pagpapadala ng maaga.

GABAY NG GUMAGAMIT SA MGA PANGUNAHING TUNTUNIN

# Out-of-Pocket

## ANO ANG OUT-OF-POCKET?

Ang mga gastos mula sa out-of-pocket ay ang binabayaran mo para sa pangangalagang pangkalusugan. Maaari nilang isama ang iyong deductible, co-insurance at mga co-pay. Ang anumang halaga na hindi saklaw ng iyong planong pangkalusugan ay mula sa out-of-pocket na gastos.

## PAANO ITO GUMAGANA

May dalawang anak si Shirley. Nagbabayad siya ng \$20 dolyar na co-pay sa tuwing siya o ang mga bata ay may regular na pagbisita sa doktor. Ang kanyang pamilya ay magkakaroon ng 15 na pagbisita sa doktor ngayong taon. Ang out-of-pocket na halaga ni Shirley ay magiging \$300. *(Ang mga numero ay mga pagtatantya. Tawagan ang iyong insurance carrier para sa higit pang mga detalye.)*



$$\begin{array}{r} \$20 \text{ bawat pagbisita} \\ \times \\ 15 \text{ na pagbisita} \\ \hline \$300 \text{ bawat taon} \end{array}$$

GABAY NG GUMAGAMIT SA MGA PANGUNAHING TUNTUNIN

# Network



## ANO ANG NETWORK?

Ang network ay ang listahan ng mga provider na saklaw ng iyong planong pangkalusugan. Ang mga provider na nasa network ay inaprubahan ng iyong planong pangkalusugan. Ang mga provider na wala sa network ay hindi inaprubahan ng iyong planong pangkalusugan. Magbabayad ka ng higit para sa mga serbisyo mula sa mga provider na wala sa network.

## PAANO ITO GUMAGANA

Gusto ni Laura na magpatingin sa isang tagapayo sa kalusugan ng isip. Nakahanap siya ng malapit sa bahay niya. Bago mag-iskedyul ng pagbisita, tinitiyak niyang nasa network ang provider para sa kanyang planong pangkalusugan. Mas malaki ang gastos kay Laura kung pipili siya ng isang out-of-network na tagapayo.



Tanungin kung nasa network ang iyong provider bago mag-iskedyul ng pagbisita.

GABAY NG GUMAGAMIT SA MGA PANGUNAHING TUNTUNIN

**Co-pay**

## ANO ANG CO-PAY?

Ang co-pay ay ang halagang binabayaran mo para sa isang saklaw na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Ang mga serbisyo tulad ng regular na pagbisita ng doktor o pagbili ng reseta ay magkakaroon ng co-pay. Ang iyong co-pay ay dapat bayaran kapag natanggap mo ang serbisyo.

## PAANO ITO GUMAGANA

Si Thomas ay may mataas na presyon ng dugo. Siya ay bumibisita sa kanyang pangunahing tagapagbigay ng pangangalaga tuwing tatlong buwan. Ang kanyang planong pangkalusugan ay nangangailangan ng isang co-pay na \$20 para sa mga pagbisita ng doktor. Binabayaran ni Thomas ang doktor ng isang co-pay sa bawat pagbisita. *(Ang halaga ng co-pay ay nag-iiba ayon sa planong pangkalusugan.)*



**\$20**

bawat pagbisita

GABAY NG GUMAGAMIT SA MGA PANGUNAHING TUNTUNIN

# Mga Prebensyon na Serbisyo

# MGA PREBENSYON NA SERBISYO

## ANO ANG MGA PREBENSYON NA SERBISYO?

Ang mga prebensyon na serbisyo ay binabayaran ng iyong planong pangkalusugan nang kaunti o walang gastos sa iyo. Kasama sa mga ito ang taunang pagsusulit at mga bakuna laban sa trangkaso. Saklaw lang ang mga serbisyong ito kapag bumisita ka sa isang provider na nasa network.

## PAANO ITO GUMAGANA

Si Taylor ay nakakakuha ng pagsusulit at isang bakuna sa trangkaso bawat taon upang manatiling malusog. Gusto ni Taylor na binabayaran ng kanilang planong pangkalusugan ang mga serbisyong pumipigil sa kanila na magkasakit.



Ang mga prebensyon na serbisyo ay nakakatulong sa iyo na manatiling malusog.

GABAY NG GUMAGAMIT SA MGA PANGUNAHING TUNTUNIN

# Mahahalagang Benepisyo sa Kalusugan

## ANO ANG MAHAHALAGANG BENEPISYO SA KALUSUGAN?

Ang mga mahahalagang benepisyo sa kalusugan ay isang hanay ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na saklaw ng lahat ng plano. Ang ilan ay libre. Ang ilan ay may co-pay o co-insurance.

Ang mga mahahalagang benepisyo sa kalusugan ay kinabibilangan ng:

- ▶ Mga pagbisita sa doktor at pananatili sa ospital
- ▶ Mga pagpunta sa emergency room
- ▶ Pangangalaga bago at pagkatapos ipanganak ang iyong sanggol
- ▶ Mga serbisyo sa paggamot sa kalusugan ng isip at paggamit ng mga serbisyo sa paggamot
- ▶ Inireresetang gamot
- ▶ Mga serbisyo at device na tutulong sa iyo na gumaling kung ikaw ay nasugatan o may kapansanan o malalang kondisyon
- ▶ Mga pagsusulit sa lab
- ▶ Mga serbisyong pang-iwas kabilang ang pagpapayo, pagsusuri at pagbabakuna
- ▶ Pamamahala ng mga malalang sakit tulad ng diabetes o hika
- ▶ Pangangalaga sa bata

## PAANO ITO GUMAGANA

Lahat ng planong pangkalusugan ay dapat may kasamang mga benepisyo sa pagpapa-ospital. Tawagan ang *Washington Healthplanfinder* o ang iyong insurance carrier para sa karagdagang impormasyon. Ang aming numero ay **1-855-923-4633**.

Sumusunod ang **Washington Health Benefit Exchange** sa mga naaangkop na Pederal na batas sa karapatang sibil. Hindi kami nagdidiskrimina batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan o kasarian.

GABAY NG GUMAGAMIT SA MGA PANGUNAHING TUNTUNIN

# Cascade Care



## ANO ANG CASCADE CARE?

Mga planong pangkalusugan na nag-aalok ng parehong mga benepisyong kahit na anong carrier ang pipiliin mo. Mayroon silang mas mababang mga deductible kaysa sa karamihan ng mga plano, at saklaw nila ang higit pang mga serbisyo bago kailangang matugunan ang deductible.



## ANO ANG CASCADE CARE SAVINGS?

Binabawasan ng Cascade Care Savings program ang halaga ng premium ng iyong planong pangkalusugan. Kung kwalipikado ka, babayaran ng estado ang isang bahagi ng iyong premium.

Maaari kang maging kwalipikado para sa Cascade Care Savings kung totoo ang mga bagay na ito:

- ▶ Ang iyong kita ay mas mababa sa 250% ng Federal Poverty Level.
- ▶ Hindi ka kwalipikado para sa Washington Apple Health (Medicaid) o Medicare.
- ▶ Naka-enroll ka sa isang Cascade Care na planong Silver o Gold.
- ▶ Kung kwalipikado ka para sa mga kredito sa buwis, tinanggap mo ang buong halagang makukuha mo.

## PAANO ITO GUMAGANA

Gusto ni Jen ng pag-access sa pangangalagang kailangan nila nang hindi muna nakakatugon sa deductible. Sa pamamagitan ng pagpili ng Cascade Care plan sa *Washington Healthplanfinder*, si Jen ay makakakuha ng mahahalagang benepisyong pangkalusugan na saklaw nang walang paunang halaga.



GABAY NG GUMAGAMIT SA MGA PANGUNAHING TUNTUNIN

# Open Enrollment


## ANO ANG OPEN ENROLLMENT?

Ang open enrollment ay ang oras ng taon na maaari kang mag-sign up para sa isang kwalipikadong planong pangkalusugan. Nagsisimula ito sa Nobyembre 1 bawat taon. Maaari kang mag-apply para sa Washington Apple Health anumang oras.

## PAANO ITO GUMAGANA

Gustong mag-sign up ni Jackson para sa isang planong pangkalusugan. Gumagawa siya ng account sa **wahealthplanfinder.org**

o sa **WAPlanfinder** app. Maaaring mamili at maghambing si Jackson ng mga planong pangkalusugan simula Nobyembre 1 para mahanap ang tama para sa kanya. Nag-sign up siya bago ang deadline. Ang kanyang planong pangkalusugan ay magsisimula sa Enero 1 ng susunod na taon.



Bisitahin ang **wahealthplanfinder.org** o kunin ang **WAPlanfinder** app para mag-sign up para sa isang planong pangkalusugan.

GABAY NG GUMAGAMIT SA MGA PANGUNAHING TUNTUNIN

# Espesyal na Panahon ng Pagpapatala


## ANO ANG ESPESYAL NA PANAHOON NG PAGPAPATALA?

Ang ilang mga pangyayari sa buhay ay nag-uudyok na mag-sign up para sa isang planong pangkalusugan anumang oras ng taon. Ito ay tinatawag na espesyal na panahon ng pagpapatala. Maaari kang mag-apply para sa isang espesyal na panahon ng pagpapatala hanggang ika-60 na araw pagkatapos ng kaganapan (*Tingnan ang Qualifying Life Event (Kwalipikadong Kaganapan sa Buhay) para sa mga halimbawa.*)

Ang mga trabahong nag-aalok ng pangangalagang pangkalusugan ay dapat magbigay ng isang espesyal na panahon ng pagpapatala. Ang panahong ito ay tumatagal ng 30 na araw.

## PAANO ITO GUMAGANA

Nanganganak ang asawa ni Mia. Ang kaganapan na ito ang nag-udyok sakanya na mag-apply para sa isang espesyal na panahon ng pagpapatala. Nagla-log in siya sa kanyang *Washington Healthplanfinder* account sa loob ng 60 na araw at nag-apply. Maaari na siyang pumili ng bagong plano na kinabibilangan ng sanggol.



Ang kapanganakan at pag-aampon ay kwalipikadong mga kaganapan sa buhay na maaaring magpapahintulot sa iyo na baguhin ang iyong planong pangkalusugan.

GABAY NG GUMAGAMIT SA MGA PANGUNAHING TUNTUNIN


# Kwalipikadong Kaganapan sa Buhay

## ANO ANG ISANG KWALIPIKADONG KAGANAPAN SA BUHAY?

Hinahayaan ka ng isang kwalipikadong kaganapan sa buhay na mag-sign up para sa isang planong pangkalusugan anumang oras ng taon. Kasama sa mga ito ang mga pagbabago tulad ng paglipat, pagbubuntis at paglilipat ng kita. Mayroon kang 60 na araw mula sa kaganapan upang mag-apply para sa isang espesyal na panahon ng pagpapatala. *(Tingnan ang Special Enrollment Period (Espesyal na Panahon ng Pagpapatala) para sa karagdagang impormasyon)*

## MGA HALIMBAWA NG KWALIPIKADONG KAGANAPAN SA BUHAY

- ▶ Pag-aasawa o pagpasok sa isang domestic partnership
- ▶ kapanganakan
- ▶ Pag-ampon o pag-aalaga
- ▶ Pagtanggap ng utos ng hukuman (kabilang ang suporta sa bata)
- ▶ Pagkawala ng katayuang umaasa o umaasa dahil sa kamatayan, diborsyo o legal na paghihiwalay
- ▶ Isang pagbabago sa kita
- ▶ Pagkawala ng iba pang saklaw sa kalusugan
- ▶ Lumipat sa Washington o isang bagong county sa Washington
- ▶ Isang pagbabago sa pagkamamamayan o legal na katayuan sa presensya
- ▶ Paglaya sa kulungan
- ▶ Tribal membership



Mayroon kang 60 na araw mula sa kaganapan upang mag-apply para sa isang espesyal na panahon ng pagpapatala.



washington  
**healthplanfinder**

click. compare. covered.

[wahealthplanfinder.org](http://wahealthplanfinder.org)  
1-855-WAFINDER | 1-855-923-4633